Negosyanteng Pinoy

Isyu Numero 6
Hulyo 2002

Isang paglilingkod-bayan ng Center for Business and Economics Research and Development (CBERD) ng De La Salle University-Manila

Unawain natin ang mga bilang

(Gabay sa paghahanda ng iba't ibang ulat pang-pinansyal)

Ni Marivic V. Manalo

Mahilig sa paghahalaman si Aling Maria Benito. Nakatutuwang pagmasdan ang kanilang bakuran, gawa ng mga sari-saring gulay na nakatanim doon. Maraming pagkakataon na ipinamimigay niya sa mga kaibigan at kapitbahay ang mga aning gulay na labis na sa pangangailangan ng kanyang pamilya.

Isang araw habang nagdidilig siya ng kanyang mga halaman ay nakaisip siya ng pagkakakitaan. "Nagkakagastos din naman ako sa mga gulay na ito. Bakit hindi ko kaya ibenta ang labis sa aming pangangailangan upang mabawi ko naman ang ipinambili ko ng pataba at iba pang ginugol dito?"

Gayon nga ang kanyang ginawa. Nagpatayo siya ng isang maliit na tindahan sa tapat ng kanyang bahay. Nakagawian ni Aling Maria na itago ang lahat ng mga resibo sa kanyang mga gugulin, tulad ng resibo ng kahoy na ginamit sa pagpapatayo ng munting tindahan, alambre, pako, pintura, mga kagamitan sa paghahalaman o *tools* at marami pang iba.

Naging maganda ang takbo ng kalakal sa maliit na tindahan ni Aling Maria. Dahil sa hindi siya sigurado kung magkano pepresyuhan ang mga gulay, ginawa ni Aling Maria na

ang presyo ng kanyang mga gulay ay kalahati ng presyo kung bibilhin sa karatig na pamilihan. Naisip niya na kung lubhang mababa ang presyo ng kanyang paninda ay maaakit niya ang mga mamimili na dumayo sa kanyang tindahan.

Nagtagumpay naman si Aling Maria sa ganitong pamamaraan. Dumagsa nga ang maraming mamimili at dahil dito nangailangan pa siyang umupa ng dalawang taong tutulong sa kanya sa kanyang halamanan at tindahan.

Matapos ang unang panahon ng anihan, inakala ni Aling Maria na marami siyang tinubo sa kanyang pangangalakal ng gulay.

Bagaman hindi naman dahil sa tubo ang unang dahilan kung bakit niya ikinalakal ang kanyang pananim, nagtrabaho naman siya ng husto kaya umasa siyang may labis na pera na maaari niyang gamitin sa pag-upa ng lupang pwedeng tamnan ng gulay sa susunod na panahon ng pagtatanim at makabili rin ng maliit na sasakyan na gagamitin sa pagdadala ng mga aning gulay sa palengke. Sa pamamagitan nito ay maaabot ng kanyang paninda ang mas maraming mamimili at higit pa niyang mapapunlad ang kanyang negosyo.

Subalit nang bilangin niya ang kanyang pera, nabatid niyang hindi ganoon karami ang salaping kinita niya sa pagtitinda. Ano kaya ang nangyari? Nasaan ang inaasahan niyang pera? Ano ang dapat niyang baguhin upang matugunan niya ang layunin sa susunod na panahon ng pagtatanim?

Eksibit 1

Gulayan ni Aling Maria
Kilos Pananalapi (Cash Flow)
Unang Panahon ng Paghahalaman

Labas ng salapi (*Outflows*)		
Binhi	P 4,000	
Pataba	5,000	
Pasahod	50,000	
Tindahan	60,000	
Kagamitan sa paghahalaman (*Tools*)	15,000	
Istak (*supplies*) (e.g. plastik bag)	2,000	
Kuryente at tubig	12,000	
Bayad sa utang sa bangko	100,000	
Tubo sa perang inutang	6,000	
Iba pang gastusin (*Miscellaneous)*	3,500	
Kabuuang labas ng pera (*Total outflows*)		P 257,500
Pasok ng salapi (*Inflows*)		
Sariling ipon (*savings*)	P 75,000	
Inutang na pera sa bangko	100,000	
Salapi mula sa pagtitinda	100,000	
Kabuuang pasok ng pera (*Total inflows*)		275,000
Netong pasok ng salapi (*Net cash inflow*)		P 17,500

Ulat ng paggamit ng salapi (*Statement of Cash Flows*)

Humingi ng tulong si Aling Maria sa kaibigan niyang si Nimpha, na isang akawntant. Pinayuhan siya nito na balikan ang kanyang mga talaan o rekord. Kinuha ni Aling Maria ang kahon kung saan niya itinatatago ang mga rekord ng pinaggamitan niya ng salapi. Naroon sa kahon ang mga resibo sa pagpapatayo ng tindahan, pasahod sa dalawang katulong, bayad sa tubig at kuryente, at lahat ng resibo sa araw-araw niyang koleksyon sa pangangalakal ng gulay. Sa tulong ng mga datos na ito, susubukan niyang taluntunin ang pagamit ng pera sa kanyang kalakal na gulay.

Eksibit 2

Gulayan ni Aling Maria
Ulat ng Paggamit ng Salapi (*Statement of Cash Flows*)
ayon sa Gawain (*Activity*)
Unang Panahon ng Paghahalaman

Aktibidad pananalapi (*Cash activities*):Pamamahala (*Operations)*		
Salapi mula sa pagtitinda		P 100,000
Labas ng salapi (*outflows*)		
Binhi	P 4,000	
Pataba	5,000	
Pasahod	50,000	
Istak (*supplies*) (e.g., plastik bag)	2,000	
Kuryente at tubig	12,000	
Tubo sa perang inutang	6,000	
Iba pang gastusin (*Miscellaneous*)	3,500	82,500
Netong pasok ng salapi mula sa operasyon		P 17,500
Aktibidad pananalapi(*Cash activities*):Pamumuhunan (*Investment)*		
Labas ng salapi (*Outflows*)		
Tindahan	P 60,000	
Kagamitan sa paghahalaman (*Tools)*	15,000	(75,000)
Aktibidad pananalapi(*Cash activities*):Pagpopondo (*Financing)*		
Pasok ng salapi (*Inflows*)		
Sariling ipon (*savings*)	P 75,000	
Inutang na pera sa bangko	100,000	
Labas ng salapi (*Outflows*)		
Bayad sa utang sa bangko	(100,000)	75,000
Netong pasok ng salapi (*Net cash inflow*)		P 17,500

Tinulungan siya ni Nimpha na uriin (*classify)* ang mga gastusin: kasama rito ang maliit na tindahang ipinatayo, mga punla o binhi, pataba, pasahod, istak (*supplies)*, kuryente, tubig, mga kagamitan sa paghahalaman at iba pa. Di nagtagal at napagpangkat-pangkat na nila ang mga pinaggamitan at pinanggalingan ng pera na iginugol sa pangangalakal ng gulay. Sinuri rin nila ang mga datos na galing sa bangko, kabilang na rito ang libro ng tseke (*checkbook*) at ang naitugmang mga ulat ng bangko (*reconciled bank statements*). Napag-alaman nila na ang perang ginugol sa pangangalakal ay hindi lamang galing sa pagtitinda. May mga salapi ring nanggaling sa pag-utang sa bangko at sariling ipon o *savings* ni Aling Maria. Ang nasabing pagkakautang sa bangko kasama ang tubo nito ay nabayaran na. Ipinakikita sa Eksibit 1 ang mga nakalap na kaalamang ito.

Matapos maipon ni Aling Maria ang mga impormasyon, inayos ni Nimpha ang kilos pananlapi (*cash flow*) ayon sa tamang kategorya. Ipinakikita sa Eksibit 2 ang pormat na ginawa ni Nimpha.

Natuwa si Aling Maria dahil madali nyang naunawaan ang ulat ng paggamit ng salapi. Akala niya ay mahirap unawain ang akawnting ngunit hindi naman pala. Nakita niya na maipapangkat-pangkat niya ang iba't-ibang aktibidad ng pananalapi na kung saan ay makikita niya na ang salaping nagamit ay hindi pawang gastusin (*expenses*). Sa halip, ang ibang salapi ay nagamit sa pamumuhunan tulad ng pagpapatayo ng tindahan at pagbili ng mga gamit sa paghahalaman (*tools*) na mapapakinabangan niya ng mahaba-habang panahon.

Ulat ng Kinita (*Income Statement*)

Mula sa Eksibit 2, naunawaan ni Aling Maria na kahit na may netong pasok ng pera (*net cash inflow*),

labis na bumaba ang kanyang netong posisyong pananalapi (*net cash position*) dahil sa pamumuhunang (*investment*) gawain. Nag-isip siya ng maaaring epekto nito sa mga susunod na panahon ng pagtatanim.

Muli niyang tinanong si Nimpha. Iminungkahi nito na gumawa siya ng *Income Statement* at *Balance Sheet*. Ipinaliwanag ni Nimpha na ang Ulat ng Kinita (*Income Statement*) ay kaiba sa Ulat ng Paggamit ng Salapi (*Cash Flow Statement*). Ipinaliwanag niya na ipinapareha (*match*) ang kinita (*revenues*) sa mga gastusin (*expenses*) sa isang akawnting piriyod (*accounting period*) sa ulat ng kinita (*income statement*). Ang akawnting piriyod para sa negosyo ni Aling Maria ay ang bawat panahon ng paghahalaman (*growing season*). Sa kabilang dako, ang ulat pananalapi naman ay pinagpapareha ang pagpasok at paglabas ng pera sa negosyo.

Ipinakikita sa Eksibit 3 ang ulat ng kinita ni Aling Maria sa isang panahon ng kanyang paghahalaman.

Eksibit 3

Gulayan ni Aling Maria
Ulat ng Kinita *(Income Statement)*
Unang Panahon ng Paghahalaman

Benta (Sales)		P 100,000
Gastusin (Expenses)		
Pasahod	P 50,000	
Kuryente at tubig	12,000	
Tubo sa perang inutang	6,000	
Pataba*	6,000	
Binhi*	5,500	
Pagbaba sa halaga (*Depreciation)***		
Tindahan	3,000	
Kagamitan sa paghahalaman (*Tools)*	2,500	
Istak (*supplies)* (e.g., plastik bag)	2,000	
Iba pang gastusin	3,500	90,500
Netong Kita (*Net Income)*		P 9,500

*Dapat pansinin na higit na malaki ang halagang nagugol sa ginamit na binhi at pataba kaysa sa halagang binayaran. Nangangahulugan lamang ito na may utang pa si Aling Maria sa mga tindahan kung saan niya binili ang mga ginamit na punla at abono sa kanyang pagtatanim.

**Itinuturing na pirmihang ari-arian o *fixed assets* ang tindahan at mga *tools* kung kaya dapat kalkulahin ang gastos o *expense* katumbas sa pagbaba sa halaga o *depreciation* ng mga ito sa bawat panahon ng pagtatanim o *growing season*. Sa kaso ni Aling Maria, tinataya na ang tindahan ay tatagal ng sampung taon at may dalawang panahon ng pagtatanim sa bawat taon (P60,000 /10 / 2 = P3,000). Nakalkula naman na ang mga tools ay tatagal lamang ng tatlong taon (P15,000 / 3 / 2 = P2,500).

Balance Sheet

Ngayon para naman sa *Balance Sheet*. Sinabi ni Nimpha kay Aling Maria na ang *balance sheet* ay ulat ng mga ari-arian (*assets*), pagkakautang (*liabilities*) at kapital (*owner's equity*) ng negosyo sa isang tiyak na petsa (*specific date*). Ang ari-arian (*assets*) ay yaong mga yaman (*resources*) ng tindahan ni Aling Maria tulad ng salapi, tindahan, at iba pa. Ang mga yamang ito ay magagamit upang kumita at lumago ang kalakal. Ang mga pagkakautang (*liabilities*) ay yaong mga bayarin ng negosyo. Maaring bayaran ang mga ito sa pamamagitan ng salapi o serbisyo kaya. Ang huling kategorya sa *balance sheet* ay ang kapital (*owner's equity*). Kumakatawan ito sa mga ari-ariang ibinigay ni Aling Maria sa kanyang kalakal tulad ng pera. May dalawang uri ng kapital: (1) tuwirang puhunan (*direct investment*) ng may-ari at (2) tubo o kita mula sa pangangalakal (*net income*). Naunawaan ni Aling Maria ang ibig sabihin ng tuwirang puhunan. Ito ang

Eksibit 4

Gulayan ni Aling Maria
Balance Sheet
Huling Araw sa Unang Panahon ng Paghahalaman

Ari-arian (Assets)			
Kasalukuyang ari-arian (Current Assets)			
Pera (Cash)			P 17,500
Pirmihang ari-arian (Long-term or Fixed Assets)			
Tindahan	P60,000		
May-bawas/less: Naipong pagbaba sa halaga (Accum. depreciation)*	3,000	P57,000	
Kagamitan sa paghahalaman (*Tools)*	P15,000		
May-bawas/less: Naipong pagbaba sa halaga (Accum.depreciation)*	2,500	12,500	69,500
Kabuuang ari-arian (Total Assets)			P 87,000
Pagkakautang (Liabilities)			
Bayarin sa binhi		P 1,000	
Bayarin sa pataba		1,500	
Kabuuang pagkakautang (Total liabilities)			P 2,500
Kapital (Owner's Equity)			
Orihinal na puhunan (Original investment)		P 75,000	
Netong Kita (Net income)		9,500	84,500
Kabuuang pagkakautang at kapital/ (Total liabilities and Owner's Equity)			P 87,000

P75,000 salaping kanyang ibinigay sa negosyong gulay. Subalit hindi maliwanag sa kanya ang tungkol sa kita o tubo mula sa kalakal. Ipinaliwanag ni Nimpha na ang kita (*revenues*) ay nagdadala ng ari-arian (*assets*) sa negosyo at ang mga gastusin (*expenses*) naman ay nagpapababa ng ari-arian sa kadahilanang tumutulong ito sa paglikom ng kita (*revenues*). Kung ang kabuuang kita ay mas malaki kaysa gastusin, mangangahulugan ito ng pagtaas ng kabuuang ari-arian (*assets*). Ang pagtaas ng ari-arian (*assets*) ay nangangahulugan din ng kaukulang pagtaas ng kapital (*owner's equity*). Sa kabilang dako, kung ang mga gastusin (*expenses*) naman ay mas higit kaysa kita (*revenues*), ang kapital ay bababa.

Lubos na natuwa si Aling Maria sa pagkakaunawa niya ng mga elemento ng balance sheet at sinimulan na niya ang paggawa ng ulat na ito.

Una, inilista niy ang lahat niyang ari-arian (*assets*). Pera, tindahan at mga kagamitan sa paghahalaman (*tools*) ay ang mga tanging ari-arian (*assets*) ng gulayan. Naisip niyang isama ang lupa at traktora, subalit pag-aari ito ng kanyang pamilya at hindi sa negosyo kung kaya hindi niya maaaring ibilang ang mga ito. Mayroon din siyang mga naipong kuwenta (*bills*) mula sa mga tindahang pinagbilhan niya ng mga binhi at pataba at sa huling araw sa panahon ng pagatatanim (*growing season*) napagtanto niya na may utang pa siyang P1,500 sa tindahan ng mga binhi at P1,000 naman sa tindahan ng pataba.

Inilista ni Aling Maria ang lahat niyang mga ari-arian (*assets*) at pagkakautang (*liabilities*). Bagaman hindi pa siya sigurado kung paano ipakikita ang kapital (*owner's equity*), batid niya na dapat magkapareho ang halaga ng kabuuang ari-arian (*total assets*) at ang pinagsamang pagkakautang (*liabilities*) at kapital (*owner's equity*). Narating niya ang ganitong konklusyon sa pamamagita ng

salitang *"balance"* sheet. Paano nga kayang matatawag na balance sheet ang ulat na ito kung hindi balanse!

Ipinakikita sa Eksibit 4 ang ginawang balance sheet ni Aling Maria sa tulong ni Nimpha.

Ipinaliwanag ni Nimpha kay Aling Maria na ang pirmihang ariarian o fixed assets ay nararapat ipakita sa balance sheet sa halagang kung magkano ang mga ito binili (*acquisition cost*). Ngunit sa kadahilanganag bumababa ang halaga ng mga ito sa paglipas ng panahon, nararapat na ipakita rin ang kaukulang pagbaba ng halaga (*depreciation*) ng bawat isa. Kung kaya sa balance sheet makikita na binawasan ang tindahan ng P3,000 at P2,500 naman para sa *tools* (Eksibit 4). At sa susunod na panahon ng pagtatanim ang P3,000 ay magiging P6,000. Gayon din ang mangyayari sa *tools* kung saan ang halagang P2,500 ay magiging P5,000. Ipinaliwanag ni Nimpha na sa bawat panahon ng pagtatanim, nararapat kalkulahin ang gastos para sa *depreciation* na iuulat sa *income statement*. Sa kabilang dako naman, ang gastos na ito sa bawat panahon ng paghahalaman ay idadagdag sa mga naunang mga *depreciation* na naitala. Kung kay ngat "naipong pagbaba sa halaga o *accumulated depreciation*" ang tawag rito sa balance sheet.

Madali ring naunawaan ni Aling Maria ang mga ideya ukol sa ariarian (*assets*) at pagkakautang (*liabilities*). Subalit labis siyang namangha na ang kapital (*owner's equity*) ay may halagang sapat lamang upang bumalanse ang balance sheet. Tinanong niya si Nimpha kung paano ito nangyari.

Muling ipinaliwanag ni Nimpha kay Aling Maria na ang kapital (*owner's equity*) ay binubuo ng dalawang aytem: ang (1) tuwirang puhunan (*direct investment*) at (2) tubo o kita mula sa pangangalakal (*net income*). Ang unang puhunan (*original investment*) ni Aling Maria ay nagkakahalaga ng P75,000 at ang kalakal ng gulay ay tumubo ng P9,500. Ito'y nangangahulagan ng kabuuang P84,500 (Eksibit 4).

Ganon na lamang ang pagpapasalamat ni Aling Maria sa kaibigang si Nimpha sa lahat ng natutunan nito sa paghahanda ng iba't-ibang ulat pangpinansiyal (*financial reports*). Ngayon ay masaya na siyang naghahanda para sa susunod na panahon ng pagtatanim.

Subscription form

Kung interesado kang makatanggap ng regular na subskripsyon, sagutan ang sumusunod at ipadala sa:

De La Salle University College of Business and Economics
Center for Business and Economics
Research and Development (CBERD)
2401 Taft Avenue, 1004 Manila, Philippines; Fax No.:3030869

Pangalan: _____

Posisyon: _____

Institutsyon: _____

Address sa opisina:_____

Telepono.: _____

Fax No.: _____

E-mail address: _____

Negosyanteng Pinoy

ay publikasyon ng Center for Business and Economics Research and Development (CBERD) ng De La Salle University-College of Business and Economics

Isyu Numero 6 **Hulyo 2002**

Lupon ng patnugot
Dr. Michael Alba
e-mail: cbemma@dlsu.edu.ph
Dr. Winfred M. Villamil
e-mail: cbewmv@dlsu.edu.ph
Raymund B. Habaradas
e-mail: cberbh@dlsu.edu.ph

Kontribyutor
Marivic Manalo

Sekretarya
Liza Pajo